THE ESOL EDGE FOR PARENTS

March, 2010 English for Speakers of Other Languages, Duval County Public Schools
(Tagalog)

MARAMING TAGA PAARALANG-BAYAN NG DUVAL ANG NABAGABAG SA NANGYARING LINDOL SA HAITI

Bago nangyari ang lindol sa Haiti noong ika-12 ng Enero, may 170 mag-aaral na nagsasalita ng Haitian Creole sa paaralang bayan ng Duval sa Jacksonvile. Mayroon pa silang mga kamag-anak at mga kaibigan na naiwan sa Haiti. Sa ngayon, maraming pang mga bata ang dumating at pumasok sa ating paaralan na nagdurusa dahil sa trahedyang ito. Ang mga guro, mga kawani at mga mag-aaral ay dumamay at tumulong sa kanila. Kasama rito ang punong-guro, ilang mga guro at mga katulong na guro na taga-Haiti. Kabilang dito sina Saul Alcineus ng Lee High; Delouis Cadet ng Forrest High; Jean Emile ng Englewood High; Dr. Ardain Isma ng DuPont Middle; Yvon R. Joinvillee ng Wolfson High, Erline Paret ng Terry Parker High at Michele Spohn ng Southside Middle. Lahat sila ay tumulong sa mga mag-aaral na taga-Haiti habang naiisip ang kanilang sariling pagdadalamhati.

Matindi ang epekto ng lindol sa mga mag-aaral na taga-Haiti sa Lee High school. Ang ina ng isa sa mga mag-aaral ay namatay sa kalamidad. Pinuri ni Ginoong Alcineus ang mga taga Lee High. "Sa tulong mga guro, kawani at katulong na guro tulad ni Gng. Perez ... ang mga mag-aaral na taga-Haiti ay magaang na tinanggap ang napakasakit na pangyayari."

Inilarawan ni Dr. Isma kung gaano kahirap makakuha ng balita tungkol sa kanyang pamilya sa Haiti. "Simula noon nangyari ang trahedyang ito, hindi kami makatulog sa gabi, nag-iisip ng mga nakakatakot na gunita habang ang aking pamilya ay nalulublob sa kawalang pag-asa at galit. Hindi kapani-paniwala na ang isang mahirap na bansa katulad ng Haiti ay naging biktima ng 15 kalamidad sa loob ng 9 na taon.

Nakakuha ng balita si Michele Spohn sa kaniyang kamag-anak at mga kaibigan at napag-alaman niya na sila ay buhay ngunit wala silang tirahan katulad ng iba ring mga taga-Haiti. Ang pangunahing daan sa kanyang bayan na patungo sa Port-Au-Prince ay nasira at hindi nararating ang mga sundalo na nagdadala ng mga tulong sa kanila. Si Gng Spohn at ang mga mag-aaral na taga-Haiti sa Southside Middle ay nagtutulungan kung paano sila makakuha ng balita tungkol sa kanilang mga kamag-anak sa kanilang bansa. Ang ama at kapatid na babae at lalaki ng isa sa mga mag-aaral ay buhay lahat ngunit wala din silang tirahan. Ang isang batang lalaki na nasa bahay-ampunan noong naglindol at kasalukuyang inaayos ang pag-ampon sa kaniya ng isang pamilya na taga Jacksonville ay matiwasay na nadala ng US militar dito.

Ang malaking kapahamakang ito ay sariwa pa sa mga isipan ng mga taong taga-Haiti, kahit na halos dalawang buwan na ang nakaraan. Marami ang nagpapadala ng pero sa kanilang mga kamag-anak sa pamamagitan ng Western Union. Sila ay nag-aambag hangga't kaya nila. Nakikiusap si Ginoong Alcineus sa lahat na alalahanin ang ating kapitbahay sa Haiti "... dahil magsisimula na ang tag-ulan at ang mga tolda ay hindi sapat. Ang mga tao ay magkakasakit at mamamatay pagkatapos maligtasan ang lindol kung ito ay hindi gagawin kaagad."

Sulok ng Taga-Payo

ni: Nancy Salgado-Martinez - Taga-payo ng ESOL

Sa buwan ng Marso, ang mga mag-aaral sa ika-3 – 10 baytang ay kukuha ng pagsusulit sa FCAT. Para makapasa, ang mag-aaral sa ika-3 baytang ay dapat makakuha ng Level 2 o higit pa sa pagbasa sa FCAT maliban dito dapat din nilang mapasahan ang mga kinakailangan para pumasa sa katapusan ng taon. Subali't ang mga mag-aaral na ELL (English Language Learners) na wala pang 2 taon na ELL ay hindi kailangan makapasa sa ika-3 baytang ng FCAT para pumasok sa ika-apat na baytang.

Kinakailangan sa pagtatapos sa mataas na paaralan na makapasa sa ika-10 baytang sa Pagbasa at Matematika ng FCAT. Ang mga mag-aaral na hindi nakapasa sa dalawang bahaging ito ng pagsusulit ay maaring ulitin ng 2 beses ang pagkuha ng pagsusulit sa ika -11 baytang at ganoon din sa ika-12 baytang.

Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa tanggapan ng ESOL 904-390-2202.

Programang Pangdalawahang Wika

Edukasyong Bilingual mula sa Kindergarten

Ipalista ang inyong anak na papasok sa Kindergarten sa aming Programang Pangdalawahang Wika. Ang programa ay inihahandog sa Paaralan ng San Jose at Beauclerc. Tumawag sa paaralan o sa tanggapan ng ESOL, 904-390-2202.

Arlene Baez
Espesyalistang Bilingual